

Abstract

The poems in “Umbayí sa Papawiring Bughaw” are part of a longer meditation on the daily apocalyptic reality of the ongoing climate catastrophe. In this collection of eco-poetry, I attempt to capture the tragedy of humanity's destructive relationship with the natural environment. By imagining humans as cosmic exiles in the distant future, and by portraying the painful process leading to that exile, I begin to illustrate the tragic irony of our doom: that we know what we must do to avert our own destruction and that of our home planet but despite this will do nothing.

Keywords

Klima,
ecopoetry,
gunaw, scifi,
kalawakan
climate,
ecopoetry,
apocalypse,
space

English titles

Dirges for the Blue Sky

1. Lullaby from Earth, 2100 CE
2. Planet as Lava Cake
3. Prometheus
4. Photograph of Polar Bear and Cub in the Arctic Ocean
5. Exodus
6. Lascaux
7. A Legend of Creation

UMBAYÍ SA PAPAWIRING BUGHAW

RALPH FONTE

HELE MULA SA LUPA, 2100 CE

Tahan na, tahan na, anak,
malayong gutom pa'ng bukas.
Magpihik muna sa alat
ng luha habang may gatas

sa mga suso ni Ina.
Tahan na, giliw, si Ama'y
gigising pa nang maaga,
maghahanap ng de-latang

hindi pa nangalolobo
o simot ng mga aso.
Saan ka kaya sasalo
sa mamanahin mong abo

pag di ka na maaalo?
Langit na usok at mugto.
Ang uhaw rito ay luho.
Kahit galak ay baligho:

Nilalagunlon na bibig
ng pulang gapang ng hantik.
Biyaya pala't pag-ibig
ang iyong pananahimik.

PLANETA BILANG PASTEL DE LAVA

alinsunod sa Chocolate, Pumpkin Pie (2011) ni Grant Achatz

Oo, sa habampanahon, pananagutan natin ang lahat ng ating pinaaamo. Halimbawa: lasa, samakatwid, lupa. Mantakin ang ligaw na sapinit, paanong sinisipsip ng ugat ang tubig sa pinagsibulang gubat, ang mga mineral, ang lason na tumitiim sa putik. Mantakin ang kordero sa madilim na katayan matapos manginain sa parang na naninilaw, o ang hagukan ng mga baboy pag amoy na ang dugo. Tumitiim ang hilakbot hanggang buto, hanggang pinggan. Samakatwid, nalalalahan. Alam ko, hangad ng lahat ang ganitong uri ng sarap, ang ganitong pagpitas ng mga sangkap: mga manok na nangingitlog sa malalawak na bukirin, mga gulay na malalaya sa salot at pamatay-kulisap. Ngunit wala ring makabatid sa buwis na sinisingil ng putik, ng hangin, ng patalim. Lagi, ang hangad ay ang *bago*. Noon, lobo na lasang mansanas. Ngayon, iba't ibang katas. Dagta, gaok, kalabasang durog. Kakainin din ninyo ang mundo kung kaya lang sanang talupan ng ngipin ang upak nito. Sa isang banda, baka nga nauunawaan ko rin ang diwa na hangad pag-umapawan ang lahat ng maaapawan, waring paghahain din ng pagkaing lumiligwak sa hangganan ng pinggan. Muli, walang patakaran ang gabi—buga ng Nitroheng danum sa katas ng arandano, patak ng kapeng pumaparisukat sa tapete, mantekilyang timbulog, nakakaing pilak, mundong nabibiyak at marahil alam din ninyo ang buwis ng inyong paglamon, paanong alam ninyong malapot na pulot ang laman nitong mga buntala na gawa sa tsokolateng takam ninyong inaabangan ang pagdanak ng pulang lahar sa kambas na hapag matapos dahan-dahang iangat, at sa wakas, mabasag kapag bigla nang inilaglag.

PROMETEO

Sa loob ng iisang taon, sa magkakaibang pagkakataon, naging kulay-dugo ang langit sa ibabaw ng tatlong lupalop.

—halaw sa iba't ibang balitang inilathala sa taong 2020 CE

At ngayon pa lang, ang biyaya na ng apoy:
pulang kukong kumakalmot sa papawirin,
mistulang propetang naghahasik
ng isang ebanghelyo ng liwanag. O, marahil,

anitong dumaratal, lumuluhod,
muling nagpupuslit ng biyaya ng init
na ikinakaloob sa mga katawang tadhana
ang maging abo. At ngayon pa lang, namamahay

na ang apoy sa lahat ng sulok ng mundo,
sa mga gubat na walang-katapusang
nasusunog, sa naglalatang na balat
ng mga isdang natutupok kahit sa tubig,

sa mga musmos na hayop na nag-abo
sa mismong katawan ng kanilang mga ina.
Nagbabago na ang kulay ng langit: mapupulang
haping iniaalay sa mga altar ng lupain.

Ito ay mabuti. Itong pagkalat ng biyaya,
itong pagtungkab ng liwanag
sa dila ng kidlat at sa titig ng araw.
Muli't muli, natututuhan ng ating mga katawan

ang wika ng mga diyos. Ang pagbubuhos

ng unang tagay sa lupa, ang pagsilab
sa palay at sa uhay, sa laman at buto,
sa laman ng ating mga kaaway

ang kanilang mga lungsod at sakahan
upang magtaboy ng sakuna at diwara.
Ang kasaysayan natin ay kasaysayan ng lagablab,
paanong umuulan ng ginhawa

sa bawat bagay nating tinutupok?
Ikaingin ang tiwangwang na lupa:
sisibol ang malulusog na tanim, pasuin
ang wakawak na sugat, hahaba ang taning

ng buhay. Sindihan ang taba ng balyena,
at mapaparam ang pusikit na dilim;
pagsigain ang mga bangkay ng mga dambuhala
na binungkal sa pusod ng karagatan

at makalululan tayo sa hangin.
Tayong mga tinutubuan ng pakpak
tuwing may kabundukang mag-aabo,
anong lihim ng uniberso ang mabubunyag

kung maghahain ng isang buong mundo
sa dambana ng Tao? Kung isang daigdig
ang gawing bituing nagbabaga,
anong katotohanan pa ang ating makikita?

Huwag kang mag-alala.
Tayong inabutan ng liyab at hindi napuksa
ay marahan nang humihiga
sa altar. Nasusunog na ang alay.

Ang matandang mundo, nag-aaso.
At tayo, mararahan nang lumulutang
sa ibayo ng buwan, nagiging mga anito.

LARAWAN NG MAG-INANG OSONG PUTI SA LAOT NG ARTIKO

“As the sea ice melts earlier and earlier, polar bears are forced to swim more and more, to reach seal populations,” said author Blaine Griffen, a biologist at BYU in a release. One female bear Griffen studied swam 426 miles over nine days. She lost 22 percent of her body weight and, worse, lost the nursing cub that had started the journey with her.”

— Stephen Leahy, *National Geographic*

“The earth is not dying, it is being killed, and those who are killing it have names and addresses.”

— Utah Phillips

I

At ang pinakamahapdi ay itong paghihintay,
anang postal mulang Svalbard, walang ngalan
ng nagpadala, itong parirala lamang, tatak
ng pinagmulan, at ang litrato ng mag-inang
puting oso sa harapan. Malalaman mong
sa ganitong larawan nagsisimula ang lahat:
pumapaso ng kahoy, lumalapnos ng mata,
ang panga ng bakunawa sa tanghaling tapat,
ang mga sungay ng apoy sa taniman ng kopra,
upos ng sigarilyong nagdudura ng alipato
sa bangketa, dilang usok ng mga pabrikang
humihimod sa langit, pagong na ipiniit
sa supot na plastik, ang pagsadsad ng barko
sa tangrib at ang bahagharing apdong dumadanak
sa tubig. May kung anong talas itong larawang
mahirap titigan, ang nakakalbo nilang balahibo
na nilalamukos ng hangin, ang mga matang itim
na uliuli ng takot, hinihintay na lamunin
ng dagat. Halos marinig ko ang lutong ng niyebe,
nadudurog sa gaan ng pagtapak ng anak na oso,
ang paglagutok ng balsang yelo, inaanay ng init.

Habang ako ay basang-basa ng pawis
sa mahigit apatnapu't dalawang gradong
sinag ng araw matapos tawagin ng barista
ang pangalan—*One cup of single-origin coffee,
from Guatemala*—ay mabibitawan ang hawak
na kopa ng kape matapos ang iilang lagok
ng hiram na lamig nang biglang matibag
sa dagat ang isang tipak ng yelo sa larawan
at humarap sa akin ang munting oso, tumitig.
Nangalisag. Nanginig.

II

Dagat itong isinusuka ng mga ulap.
Dito sa lagusang kinasasadsaran ng mga kotse,
isiping ibinaon sa dagat, na pusod ng laot ang dilim
sa labas ng durungawan, na mga hayop
sa kaibuturan ng karagatan ang mga pulang ilaw,
antitilaw na naghahayag ng pag-iral: Halika, lumapit.
Tikisin ang estatikong tunog ng ulan, makayuping-
yero, makalunod-mundo. Isiping katahimikan,
anino ng yelo, at sa malaamihang hininga ng erkon,
habang nakatitig sa larawan ng mga oso,
nagmimistula akong si Nansen, matapos ibahura
ang barkong Fram sa isang lupalop ng niyebe
sa dulong hilaga, at tatlong taong lumulan
sa uliuling agos ng puyo ng daigdig.
Muli't muling tinataglamig.
Aasahan ding magiging pulo ang tubig
sa lupalop na itong isinisilang ng ginaw,
na walang hanggan ang gabi
at ang esmeraldang tanglaw ng mga anag-ag sa hilaga
ang tanging liwanag. Hinahanap ko ang puno
at ang dulo, ang pagtatagpo ng bawat dako,
ang katapusan at ang bukal ng mundo
sa hawak kong postal, at tatlong oras na—
o tatlong taon ba?—
na pinanonood ko ang munting paa ng munting oso,
mulit muling lumulusot sa sahi ng balsang niyebe.

Kilala ng pansamantalang lupalop ang kabiguan:
ang daan-daang barkong sinakmal
ng mga kraken at ng pangil ng yelo, ang pag-urong
ni Nansen bago marating ang Dulong Hilaga,
ang mga balyenang hindi makaahon
sa mga hingahang butas na tinahi ng ginaw,
at ngayon, ang hapis sa mata ng mag-inang oso
sa esmeraldang liwanag ng orasan ng taksi,
habang unti-unting lumulubog sa dagat
ang nguso ng sanggol.

III

Magsisimula ako sa mumunting mga bagay,
gaya ng itinuturo nila sa internet: mga panggabing ilaw
na hindi na sisindihan, erkong binunot sa saksakan,
ang hindi na pag-order ng mga kopa ng inangkat na kape.
Ipakakarne ko itong kotse at bibili ng bisikleta,
papadyak araw-araw papasok sa trabaho,
hanggang maging piston ang mga binti,
mga silindrong desperadong nagpipiga ng buhay
pabalik sa dibdib ng mga oso sa litrato.
Gumagapang ang baskag nitong bisikleta
sa malagubat kong lungsod at mapapansin ko
ang nangaiipong basura sa mga bangketa at kanal,
ang mga plastik na nagpupusali sa mga gater,
ang mga tingkal ng putik, supot, at langaw,
ang makapal na dagim ng usok na isinusuka
ng mga dyip. Nadarama ko ang namumuong panganorin
sa aking mga бага sa bawat paglanghap.
Pinipigil ko ang naiipong plema sa likod ng lalamunan.
Habang pumapadyak, iniisip ko kung gaano nga ba
karaming lipad ang hindi ko dapat lulanang,
gaano karaming piraso ng plastik ang dapat pulutin
sa mga gater at samot-saring sulok,
gaano karaming baka ba ang dapat kong
iluwa nang buhay upang sumapat, upang mapigil
ang ganap na pagkatugnaw ng Artiko sa tag-araw.

Mamantakin ang lahat-lahat ng hindi kailanman
malulusaw: pumutok na lobo, plastik na baso,
tapuning kubyertos, pising pangisda, bangsi,
pampers, upos ng yosi, kondom, itong pagnanasa
na muling makakita ng mga munting oso,
naghahabulan
sa isang lupalop ng niyebe at pedrisiko.

Banayad pa rin ang karagatan sa postal.
May namumuo sa aking kimpal ng lamig.
Niloloob ko: itong naninigas na katiyakan

na hindi sasapat ang anuman—itong bisikleta,
ang ngata ng gutom, ang gabi-gabing pagtangga
sa ilaw, kahit ang mga bateryang lityo
ng mga de-kuryenteng sasakyan—upang sumagip
ng kahit iisang oso na hapo na sa kalalangoy,
sumasapat lang upang balutin ng halumigmig
at dilim ang aking kuwarto, at puksain
ang mga flamengko sa disyerto ng Atakama.

IV

Una, ang agham ng dagitab at pulbura.
Pagkatapos, ang sining ng mga bomba,
dinamita, granada, at iba pang alagad ng lagablab.
Paanong hindi diringgin ang ebanghelyo
ng apoy na inilahad sa mga lihim na sulok
ng internet? Iminulat ako ng mga propeta
sa wastong pamumuhay
nang lungti: na walang makapagpapalungti
sa mundo ng bakal, usok, at krudo.
May larawang tumatak sa akin:
isang toreng petrolifera, ibinubuwal
ng tupok at kalawang sa gitna ng dagat.
Muli, nagsimula ako sa mga munting bagay:
mga kutsilyong gumilit sa mga gulong ng kotse,
mga pakong bumutas sa tangke ng mga trak ng gasolina,
bago mangahas sa mga pingkian at diklap.
Tindahan ng erkon. Hanay-hanay ng sasakyan
sa mga paradahan. Salipawpaw sa paliparan.
Mga gasolinahan. Espiritu Santo akong
nagsasaboy ng mga dila ng apoy.
Masisilayan ko sa postal ang muling pagkabuhay.
Ang mabuting balita: ang inang oso, tigmak man
ng dagat, nakasampa sa isang balsang yelo.

V

Ipinapanganak tayong
mga alipato na nagsakatawan: usok ang hininga,
paso ang haplos. Likas sa apoy ang mang-ubos,
agad lumalaganap ang alab,
ang ngumangatang latang,
ngiping muli't muling naghahanap
ng mangangasab. Walang-hanggan ang gutom:
kinainging gubat, pinakulong putik, gintong
tinugnaw, bulubunduking sumisiklab.
Ang mga katawan natin ang bagang sumasaid
sa lahat ng nasa paligid: tubig, lupa, kahit hangin.

Sa bawat taong isisilang,
may kawan ng paruparong
napupunitan ng mga pakpak.

Sa bawat sanggol na iiyak,
may angkan ng lampasot
na lulunurin ng multong lambat.

Sa bawat paslit
na matututong magsalita,
may isang buong kalawakang

nababasag:
isang bayan ng walrus
ang lulundag sa bangin.

isang batis
ng mga itlog ng palaka
ang maluluto sa araw.

Ang bawat batang iluluwal,
ay isang kalawakan ng pinsala:
guwantes sa paanakan, heringga,
dayaper at tsupon, bote ng gatas,
ang araw-araw na paglamon sa mundo,

at ang malaong pag-angkin sa luad.
Magtitindig ng bahay, bibili ng kotse,
magtatapon ng basura muli't muli
hanggang maging bundok ng sakuna.
Ang bawat tao ay malalim na galos
sa balat ng lupa.

Nagnanaknak.

†

Kung may 250 sanggol na
ipinapanganak minu-minuto, at
mahigit 130 milyon sa isang taon,
may paghilom pa ba sa paulit-ulit na
pagsugat?

VI.

Narito ako, nakabukaka,
may hawak na pandikdik
sa kanang kamay,

dinudurog

ang dalawa kong

bayag

nginangasab

ng isang

kalawakan

ng hapdi.

Ganito rin kaya ang kirot
ng latay ng pagbuburangsari?
Sinasaliwan ng mga kaluluwa
ng mga napuksang hayop
ang mga sigaw ko.
Koro ng antak, habang nilalasp ko
ang bawat hagod sa duguang singit,
niluluray ang bawat sihay
ng naudlot kong mga apo,
apoy na gumagapang sa puno ng katawan,
iniibsan ng muling paglangoy
sa malamig na tubig
ng munting oso sa larawan.

VII

At sa bawat patak ng dugo ng tao
ay ang katubusan ng isang buong mundo.
Bagkus ay kapos, laging kapos
para sa mga nakangangang ilog at lawa,
para sa mga nagmumultong parang ng niyebe.
Sinikap kong ikalat ang mabuting balita,
tighawin ng danak ang uhaw ng nilalagnat
na daigdig. Una, ang dugong hindi na dadaloy
sa mga ugat ng angkan kong pinagkaitan
ng pagsilang. At pagkatapos, ang pulang sapang
nanalaytay sa bawat kong tinugis:
sangganong nagpitik ng upos ng sigarilyo sa laot,
estudyanteng nagtapon ng balat ng kendi sa bangketa,
tsuper ng dyip na naglulumura ng kalikasok,
matatandang nagsisiga ng basura sa bakuran.
Kahit anong tigmak ng dugo sa aking palad,
hindi pa rin nanunumbalik ang pulo sa postal.
Kaya hinuha ko, mas maigi ang ganito:
ikalat ang mapandalisay na apoy,
lunasan ang sugat bago magnaknak.

VIII

Pumasok ako sa ospital pagkatapos ng pabrika.
Hinanap ang paanakan.
Tabi-tabi ang nagdadalanta,
kimpal ng mga katawan, tila lungga ng daga.
Iniawit ko sa kanila ang mabuting balita,
ibinulong na darating ang ihip ng hangin
maginhawa't maginaw, mga batang nagtatampisaw,
habang nagsasaksak ng pampalaglag
sa kanilang nangamimintog na ugat.
Hindi ko na pinanood ang pagbaha ng dugo sa sahi.
Sabay-sabay silang naghiyawan,
mistulang koro ng hapis na sumaliw sa awitin
ng pulbura habang tinatadtad ng ametralyadora
ang isang buong bulwagan
ng mga bagong-silang na sanggol.
Kasintunog ng napipisat na itlog ng pawikan
ang nangababasag nilang bungo.
Sapin-sapin ang musika rito:
ang putok at ratrat ng baril,
ang magkakamayaw na mga ina,
ang mga ngawang napugto,
ang mga uyaying kinulayan ng takot at taghoy,
ang matitinis na tili ng mga monitor ng puso,
at pagkatapos, ang katahimikang nagsisilang
ng umaahong isberg.

IX

Sa wakas, natutuhan ko bakit laging kulang
ang anumang kilos, ang anumang dahas,
ang anumang ialay upang buhayin ang patay
na kontinente at ang mga nanahan ditong hayop.
Ngunit naririnig ko na ang kampana,
kumakalam sa lupa. Umuugong. Nang-aakay.
Humakbang ako, sinundan ng mga paa
ang sikmura ng mundo, at palakas nang palakas
ang ugong ng batingaw sa talampakan.
At ngayon, sa pagyanig na walang-tinag,
wari akong nahaharap sa banal bagkus
walang ibang makadama. Hindi nabibiyak
ang mga lansangan, hindi yumuyuko ang mga gusali
Nangangatal lahat pati ang nakapapasong liwanag.
Sa paanan ng pinakamatayog na gusali sa mundo,
kay mumunti ng lahat ng aking mga nawasak.
Wumawagayway ang isang tarpolin sa bukana:
Welcome to the 123rd International Oil Summit.

X

Nasa bulsa ko ang postal. Giniginaw ako
sa lamig ng erkon, nanginginig sa labis
na pananabik. Ritmiko ang hugong ng daigdig,
dumadagundong sa pandinig, sa mga buto,
matining sa mga haligi at sa mga dingding.
Halos umapaw ang banal na kantiko sa aking bibig.

Nakahanay sila sa aking harapan.
Nangakangiti, nangakangisi, mga tau-tauhang
amag na nag-ugat at lumago sa lapot
ng mga sinaunang bangkay.

Nanalumpati ang CEO ng Shell:
tungkol sa lungting petroliferang ititindig
sa mga karatang napalaya sa piitan ng yelo.

Palakpakan.

Kamayan.

Walang nakaramdam ng lindol.
Ako ba o ang lupa ang yumayanig sa galit?
Nakasisilaw ang pagkislap ng mga kamera,
bawat pitik ay waring bombang sumasabog.
Kasimbigat ng hatol ang liwanag, gaya ng granada
sa aking bulsa, ang de-orasang bomba sa baywang,
ang nitrogliserina sa loob ng ngipin,
ang gasolinang umaapaw sa balat na parang pawis,
ang pulburang lumalapot sa dugo.
May sandaling mapipipi ang buong mundo,
magsusumiksik sa loob ng munting silid
bago magputukang kuwitis
ang palakpakan ng mga negosyante.

May singhap ng paghihintay sa pagsiklab.
Gumagapang sa mitsa ang baga.

Kapag namatay na ang mga palakpak,
nakatadhanang dumaluyong ang dagat
ng mapandalisay na apoy.

†

Iglap bago bunutin ang sabat ng granada:

(Nasa bulsa ko ang postal.

Isang buong angkan ng mga puting oso,
nagtatampisaw sa isang kontinente ng yelo.

Kung hahawakang muli ang larawan,
maninigas ang mga kamay sa andap
na namumukad sa mga sulok ng litrato.)

Bago ang pagsambulat ng diklab,
namalas kong magsahamog
ang huli kong hininga.

Binalot ng andap ang mga daliri.

Sa likod ng lumuluhod na gusali
muli kong naulinig ang lindol,
mundong yumayanig sa ungol at yabag
ng mga bagong-mulat na mamut.

EXODO

Katulad ng lahat ng nililisan,
malilimot mo rin ang lumang daigdig.
Lingunin mo man ang mundo, ano pa ang matatanaw
kundi ang mga kalansay ng lahat ng hindi pa malusaw
ng asidong ulan? Lumaki tayong lason na
ang hangin at itim ang mga ilog
sa mga lagusang tinahanan sa ilalim ng lupa.
Ni hindi ko kailanman nakitang bughaw ang langit.
Ngayon pa ba manghihinayang?

Kung malilingat ka, papatayin ka rin
ng daigdig. Maling langhap. Maling tapak.
Sapat na ang lahat nating tinaglay:
matabang lupa, malinis na tubig, ang mga buto
ng mga halamang pananim, ang buong kaalaman
ng tao sa ating mga komputadora.
Panabikan natin sa halip ang paparating.
Ang gaan ng katawan sa kalawakan.
Ang mga buntalang naghihintay
sa yapak ng tao. Ang walang-hanggang
kislap ng walang-bilang na mga bituin.
Huwag kang malulumbay
ngayong pulang guhit ang mga sikipaw
sa pisngi ng himpapawid
mistulang mga patak ng nagbabagang luha.

LASCAUX

Mira, animo, nakita mo na ang lahat
ng ito, itong tagpo, buhang bunganga
ng wakas at natutupok na lupa,
ang nagbitak na langit, at bakit nga
hindi, oo, ako rin, nakita ko na ang lahat
ng ito, sa iba't ibang buhay, sa libo-libong
mundong naghingalo. Laging lumulubog
sa alkitran ang mga mamut, laging hinihigop
ng karagatan ang Maynila, laging bulusok
na pumapanaog ang malatala, at ngayon
ang balat ng Titan, biyak at nagbubulwak
ng malulupit na lawa, malansa at malaapyak
na nabubulok at tayong dalawa,
nasusunog pa rin
ang buhok, nagbabahid pa rin ng uling
sa mga dingding ng yungib
ang asupreng mga kamay.

ALAMAT NG PAGLIKHA

“Hayun ang kapilyang walang laman, bahay na lamang ng hangin”
—T. S. Eliot

Sa anyong ito ng kuwento ay wala nang mga kuwento
ang basag na kudyapi ng ating mga katawan

nag-uugong lang ng walang-titik na hapis at binubukbok ng ulan,
samakatwid mga bagbag na kawayanang nakalilim

sa lungaw na tadyang ng pinagsibulang bapor
sa gitna ng karagatan habang may alpombra ng mga dahon

na naninilaw sa paanan, nabubulok sa asin
at walang pinatataba kundi ang kapal ng kalawang.

Isipin ang papalik-palik na mga alon. Salawahang
alimbukay. Paanong wala nang makagunita sa paghinga

ng sinusuklay na pampang? Ang lolo ko, tunog na lamang,
supot ng naglalagutukang pilas ng buto, hindi ko

ibig sabihing ako ang pumatay sa kaniya,
malaon na siyang patay bago pa tuluyang yumao.

Minsan, nahuhuli ko siyang bumubulong-bulong
tungkol sa pagbubungkal ng lupa sa bukid, sa paghahasik,

sa pagtawid ng mga pilapil, at gusto kong sabihing sandali,
lolo, sandali, ulitin mo muna nang mas mabagal

ang pagsaysay mo sa mundo. Biglang mag-uulap
ang kaniyang mga mata. May mapapatid na bagting

sa tinig niya. Ganyan talaga ang matatanda.
Kay dadaling maluoy nang ganito kalayo

sa lupa, sa kabila ng pananatili ng araw, ng lapit
ng mga bituin. Bandang huli, hindi ko na rin masabi

kung tao pa ba siya o dalisay nang mingaw.
Iniisip nating giit ang mga multo

samantalang ang totoo ay mga uka sila ng alaala.
Lagi ko siyang natatandaan nang hindi sumisikip

ang dibdib, ang mga salita niyang mas alingawngaw,
mas banyaga sa akin kaysa sa mga pangalan

ng mga lawa ng Titan. Sagitsit ng hininga. Tagistis
ng hibik. Ito marahil ang wagas na pagsisisi:

oo, alam ko, minsang nagsiksik tayo ng laksang
mga pangalan sa mga pamayanang maliliit pa

sa mga kolonya sa likod ng buwan. Oo, ang tinig
niya, ang haginit na boses sa video ng mga magulang ko,

baguntao pa't buháy, nagiging mga gubat,
nagiging laot, nagiging mayaw, nagiging harurot,

pagaspas ng pakpak, bagwis na laglag, sayawan at ulap,
ang lahat ng bagay na wala akong kaalam-alam.

Kung muli ko lang sana siyang makausap, o marahil,
kung sa wakas, ay makakausap, itatanong ko ang lahat

ng nababasa ko ngayong lalim
ng lunggating ikatatawid ng dagat

alang-alang sa ninanasa, ang pangangailangang sumakay
ng dyip tungo sa isang bayang walang pangalang

kaya mong bigkasin dahil naroon ang dalagang sinag-araw
ang pagkulot ng buhok, ang pangangailangang sumugal

sa daluyroy na langit dahil naroon sa ibayong lupalop
ang dalagang patingkayad na nagsasayaw sa anggi ng Hulyo.

Nais kong unawain ang lawak na pagitan ng Lagrange IV
at ng Venus, na marahil may babaeng nagtatampisaw

sa asidong ulan, paanong hindi ko siya makikilala
kahit kailan? Tanong: kung walang nakarinig

lamukusin ng malatala ang kolonya sa Marte,
lumikha kaya ng ingay ang kanilang mga hiyaw?

Sa bibig lamang natin nabubuhay ang balarila
ng uniberso. Marahil, walang dalagang nagsasayaw.

Walang katawang ginutay ng pagkibit ng kalawakan.
Walang sumulat na *halika sa tanglaw ng kambal na buwan*.

Samakatwid, walang trahedyang. Muli, walang saysay
sa anyong ito ng santinakpan.

Hindi niligawan ni lolo ang nakatabing dalaga sa dyip.
At ang ama kong hindi nangarap ng malalayong lupain

sa bibig ng mga umuuwing mandaragat
ay hindi na nagmasid sa pampang ng sinilangang pulo.

Anong awitin kung hindi banta ang paglimot?
Kung walang saksi ay walang tula. Walang simula

marahil mang minsan, may Manual pa ring dumapo
sa bumbong at tumuka. Marahil nabiyak ang kawayan,

marahil humikab, natutong lumunok ng ibon
nang hindi ngumunguya bago muling humimbing

nang nakatulos sa sapang hindi hinihipo ng hangin,
nangangarap ng dalawang katawang hindi isusupling.